HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG NOBYEMBRE 18, 2016 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | Konsehal |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | -do- |
| Kgg. German S. Acosta | - | -do- |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | -do- |
| Kgg. Tulay M. Caring | - | IPs Representative |
| Kgg. Enrico C. Villas | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Edezer F. Aceron | - | Konsehal - Leave |

x-------------------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 16-11-153

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA PAGYAO NI G. ALEJANDRO T. ESOG, SR., KAGAWAD NG BARANGAY SAN FRANCISCO**

**SAPAGKAT,** si G. Alejandro T. Esog, Sr., Barangay Kagawad ng San Francisco, Bulalacao, Oriental Mindoro ay sumakabilang buhay noong Nobyembre 10, 2016 sa edad na pitumput isa (71) na taon dahil sa atake sa puso;

**SAPAGKAT,** si Kagawad Esog ay nagsilbi bilang Kagawad ng Barangay San Francisco ng mahabang panahon na kung saan matagumpay niyang naisakatuparan ang maraming programang pangkaunlaran na nagbigay ng matiwasay, tahimik at mapayapang buhay sa taga-San Francisco;

**SAPAGKAT,** bilang asawa at ama ay hindi matatawaran ang kanyang pagsisikap na maitaguyod ang kanyang pamilya sa isang marangal na pamamaraan na nagbunga ng mga responsableng anak na naging katuwang niya sa maayos na pagpapamilya at naging produktibong mamamayan ng lipunan na kanilang kinabibilangan;

**SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay nagdulot ng isang masakit na dagok at masidhing pighati at kalungkutan sa kanyang pamilya, kamag-anak at kaibigan subalit, maligaya na ring malaman na siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng ating Poong Maykapal; kung kaya't dahil dito….

Scanned with CamScanner

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA, Na:** Magpahayag ng taus pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa pagyao ni G. Alejandro T. Esog, Sr, Kagawad ng Barangay San Francisco;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Dexter R. Gonzales na pinangalawahan nina SB Member German S. Acosta at SB Member Dennes M. Faner, ang kapasyahang ito ay..

**PINAGTIBAY:** Nobyembre 18, 2016. Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
Konsehal

**KGG. DENNES M. FANER**
Konsehal

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
Konsehal

**KGG. GUILLERMO G. SALAS,JR.**
Konsehal

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Konsehal

**KGG. EDWIN C. ACERON**
Konsehal

**KGG. TERESITA S. BANTUGAN**
Konsehal

**KGG. TULAY M. CARING**
IPs Representative

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamahala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNICO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa: 11-18-2016

Scanned with CamScanner